ISSN: 2546-0536

# HANEP

*Basahin Mo Ito!*

Taon 3 • Blg. 49 Abril 15-21, 2019 • P10.00

**SOUTH STAR PRINT CENTER**
Accepts the following Election Paraphernalias:
Pamaypay * Sombrero * Stickers * Flyers * Pocket Calendars * T-Shirt Printing * Sample Ballots
Please call: (046) 434-6167
Cell. Nos.: 0997-908-8638
0918-6174067
email: southstarprintcenter@yahoo.com

# 'VISITA IGLESIA' IN CAVITE, A MIX OF SPIRITUAL AND HISTORICAL JOURNEY

pahina 2

**LOTS FOR SALE**
along ZAPOTE-ALABANG RD.
22 hectares @ 60,000/ sqm.DAANG HARI
23 hectares @ 45,000/sqm
NEGOTIABLE
Contact: KA INDO
0997-9088638 / 0918-6174067/046) 434-6167

**Mail Permit No. 2C-17-05-533**
Office of Entry: Bacoor City, Cavite
Entered as 1st Class

## DOH CONDUCTS HEALTH FAIR FOR MEMBERS OF HYPERTENSION AND DIABETES CLUBS IN CALABARZON

pahina 7

## JOINT NUTRITION ACTION OFFICERS AND PROVINCIAL NUTRITION COMMITTEE-TECHNICAL WORKING GROUP MEETING

pahina 4

## KAPON SA MGA ALAGA, BAWAS KASO NG RABIES

pahina 9

## NCRPO HANDA NA PARA SA SEMANA SANTA

p. 5




ACCEPTING ADS, PLEASE CONTACT: 0977-7844136/ 0929-8127638

# 'VISITA IGLESIA' IN CAVITE, A MIX OF SPIRITUAL AND HISTORICAL JOURNEY

**KAWIT, Cavite – The Holy Week is a very sacred time for Filipinos, a time for reflection and penance, and a time for honoring traditions, such as the pabasa (chanting/singing of the Passion of Christ), the Way of the Cross, and the Visita Iglesia.**

As millions of devout Catholics make the rounds of at least seven churches to commemorate the last days of Jesus on earth, pilgrims may opt to add a "historical" twist to this annual tradition by doing it in the historical province of Cavite.

Cavite's churches not just present colonial influences but they have figured well in the nation's history, former Kawit tourism officer and now freelance curator, Angelo Jarin Aguinaldo, said in an interview on Thursday.

His advice as an ideal first stop from Manila, a few minutes' drive down South, is the Iglesia Catolica Apostolica Romana Parish of St. Michael the Archangel.

Located along Evangelista St. in Bacoor City, this was where Fr. Mariano Gomez served as one of its parish priests.

"Gomez is the GOM in GOMBURZA – the three Filipino priests who were executed (on) charges of subversion arising from the 1872 Cavite mutiny," Aguinaldo added.

In nearby Kawit town is where you will find the Church of St. Mary Magdalene, where the first president of the Philippine Republic, Gen. Emilio Aguinaldo, was baptized. Saint Maria Magdalena is known as the patroness of the Revolutionists.

It is located near Gen. Aguinaldo's birth house, which has been turned into a Shrine and museum in his honor and run by the National Historical Commission of the Philippines (NHCP).

Saint Mary Magdalene is believed to be the general's inspiration in naming his Katipunan council "Magdalo".

Just a few minutes' drive from Kawit is the town famous for its smoked fish – Rosario.

"This is where you'll find the image of Our Lady of the Most Holy Rosary, Reina de Caracol, who saved the lives of people in the midst of a strong typhoon during the Spanish era," Aguinaldo said.

Historical accounts reveal that the church was burned in 1896 at the height of the Katipuneros' hostilities against the friars, and was converted into a "cuartel" of revolutionaries during the fight with the Americans in 1901.

Another popular church in Cavite that boasts of priceless religious relics and high-vaulted ceilings reminiscent of the Spanish colonial era and the Katipunan period, is the Imus Cathedral of Our Lady of the Pillar.

Built by the Jesuits, the cathedral was declared a structure of historical significance in November 2006.

In Dasmariòas City, the Immaculate Conception Church — the city's first Catholic church — was the site of the bloody Battle of Perez Dasmariñas, a Cavite offensive in 1897 commanded by Major Gen. Jose de Lachambre to recapture Cavite since the loss at the twin battles of Binakayan and Dalahican.

Close to it, in Silang town, sits the church known for its Spanish colonial architectural style and Rococo-influenced retablos called the Our Lady of Candelaria Parish Church.

The church served as kuta (camp) of the guardia sibil (civil guards) at the height of the hostilities of Filipino revolutionaries to Spanish friars in 1896.

Like the church in Imus, the "Retablo Mayor y Menores and the complex of the Church of Nuestra Senora de Candelaria, more known as the Silang Church, has been declared a National Cultural Treasure in 2016.

Other churches that pilgrims may consider are the churches of Our Lady of Assumption in the upland town of Maragondon, the Sto. Niño de Ternate Parish that sits in the coastal town located in the western part of Cavite, and the St. Gregory the Great Parish in Indang town.

The "Our Lady of Assumption" served as Emilio Aguinaldo's base during the Philippine Revolution in 1897, while Ternate's "Sto. Niño" was said to be ruined by the battle with only the Holy Image of Santo Niño left intact.

"St. Gregory" was also burned and destroyed during the Philippine Revolution against Spain but was impressively restored, capturing the 18th century.

The church is famous for its impressive interiors, paintings on the ceiling, and the old pulpit platform, which gives prominence to the officiating priest during Mass.

There is also the old church in Tanza town, the Sta. Cruz Parish Church, where Gen. Aguinaldo and Gen. Mariano Trias took their oaths as President and Vice President of the Philippine Revolutionary Government some 120 years ago.

Last is the Saint Francis of Assisi Parish Church in General Trias where the Banda Matanda, a local marching band, practiced the Marcha Filipina – the music of the Philippine National Anthem, before they played it when independence was proclaimed in Kawit town on June 12, 1898. ***(Gladys Pino-PNA)***

# Batch 3 ng 'Kapatid Mentor ME' sa Pampanga, ipinakilala

**LUNGSOD NG SAN FERNANDO, Pampanga (PIA)** — May kabuuang 20 Kapampangan micro, small, and medium entrepreneurs o MSMEs ang kasama sa ikatlong batch na sasailalim sa programang Kapatid Mentor Micro Enterprises o KMME. Sa bilang na ito, 14 ang mula sa food processing industry; apat sa gifts, decor and houseware; at dalawa sa trading services. Sa kanyang mensahe, sinabi ni Department of Trade and Industry o DTI Assistant Secretary Blesila Lantayona na pangunahing layunin ng programa na tumagos sa puso ng mga maliliit na negosyante ang mga kaalaman sa pagnenegosyo at makapagdulot ng pagbabago sa kabila ng limitadong pondo.

Aniya, layunin ng ahensya na malaman kung ilan ba sa mga nakapagtapos ng programa ang nakapagpalago ng kanilang mga negosyo dahil ito ang batayan kung matagumpay ang nasabing programa.

Samantala, sinabi naman ni DTI Regional Director Judith Angeles na nakatuon talaga ang KMME sa mga maliliit na negosyo dahil mas madaling sukatin ang pag-angat ng mga ito at dahil sila ang mas nangangailangan ng tulong.

Hinikayat din niya ang mga kalahok na kumpletuhin ang mga modyul at paghusayan ang pagpresenta ng kanilang business improvement plan.

Mula 2016 hanggang 2018, may 41 menteees na ang nakapagtapos sa lalawigan; 140 sa rehiyon; at 5,021 sa buong bansa.

Kabilang sa ikatlong batch ng mentees ang Tropics Salad Delights, Allan's Ice Cream, Jennet Bakeshop and Pasalubong Center, Adonai Coconut Products, Mommamees Bakeshop, Smiling Star Enterprises, Initio Foods, Hermana Amor Leather Crafts, Oysterrific Mushroom Farm at E-Flowers Floral Shop.

Kasama din ang Nora's Natures Bread Food Products, Sweet Mama's Cake and Pastries, Production 101, Credo Atchara, Rayol Food Services, Angelique's Cakes and Pastries, Ms Pusung Aluminum and Kitchenware, Made by Pearl Sewing Services, BG Metal Fabrication, at Apu Vely's Food Processing. **(CLJD/MJLS-PIA 3)**

# Kaso ng dengue sa Region 9 patuloy na tumataas

**Zamboanga City (PIA) - -** Patuloy ang pagtaas ng kaso ng dengue dito sa rehiyon kung saan umabot na sa 2,577 mula noong Enero 1 hanggang Abril 5, taong kasalukuyan.

Ayon kay Neo Walter Ted Folgo ng Department of Health Region 9, nasa isang daan tatlumpu't dalawang porsiyento (132%) ang itinaas ng kaso ng dengue kung ikukumpara ito sa parehas na panahon noong nakaraang taon.

Batay sa disease surveillance update ng naturang departamento, ang dengue cases na ito ay naitala mula sa ibat-ibang tinututukang mga hospital sa buong rehiyon.

Ayon kay Folgo, ang probinsya ng Zamboanga Sibugay ay may naitalang 382 dengue cases mula Enero 1 hanggang Abril 5 ngayong taon, kompara sa 81 cases lamang noong 2018. Ang naturang probinsiya ay siyang nagtala ng pinakamataas na percent change na tumatak sa 372 percent.

Sumunod naman ang probinsya ng Zamboanga del Norte, kung saan 663 kaso ng dengue ang naitala ngayong 2019 kompara sa 195 kaso noong 2018. Pumapangatlo naman ang Zamboanga City sa naitalang 986 kaso kompara sa 315 kaso ng dengue noong nakaraang taon.

Bahagya ang pagtaas ng kaso ng dengue sa Zamboanga del Sur na may 425 cases kompara sa 341 cases noong 2018 at ang probinsya ng Isabela City, Basilan na nagtala ng 121 dengue cases ngayong 2019 kompara sa 181 cases sa 2018.

Panawagan ng DOH sa publiko na maging prime movers sa pagkontrol ng populasyon ng mga lamok upang maiwasan ang posibleng dengue death sa komunidad .

Puspusan din ang kanilang dengue awareness campaign sa ibat-ibang probinsya sa rehiyon, habang patuloy ang paghikayat sa mga tao na ugaliing panatilihing malinis ang kapaligiran upang hindi pamugaran ng mga lamok. **(ALT/JPA-PIA9)**

# Anahao-Malilico-Balatucan prov'l road, pinasinayaan

**ODIONGAN, Romblon (PIA) —** Pinasinayaan na kamakailan ang bagong gawang Anahao-Malilico-Balatucan Provincial Road sa bayan ng Odiongan, Romblon.

Ang okasyon ay pinangunahan nina Assistant Secretary for DILG's Barangay Affairs and Partnership Roosque B. Calacat at Governor Eduardo C. Firmalo.

Si ASEC. Calacat ang pinadalang kinatawan ni Pangulong Rodrigo Duterte sa nasabing inagurasyon matapos hindi ito makadalo sa paanyaya ng pamahalaang panlalawigan ng Romblon.

Ayon kay Engr. Gilbert F. Falquerabao ng Provincial Engineering Office, ang nasabing provincial road ay pinondahan sa ilalim ng programang Conditional Matching Grant to Province for Road (CMGP) ng Department of the Interior and Local Government (DILG) kung saan umabot ito ng mahigit P170 milyon.

Ayon kay Gov. Firmalo, malaking tulong ang pagpapasemento at pasasaayos ng nasabing kalsada para sa mga motoristang bumabiyahe ng Odiongan patungo sa mga katimugang bahagi ng Tablas Island. **(PJF/DMM/PIA-MIMAROPA/Romblon)**

# USAP LANG

**JUNE BILLONES**
**0929-8127638**

## Maganda ang misyon

ISA sa mga 'manok' ni Pangulong Rodrigo Duterte para sa pagkasenador sa darating na halalan ang nagpahayag ng kanyang mga kinabibilangang plataporma.

Hindi na natin pangangalanan ang kandidatong ito dahil batid ko naman na kilala ninyo siya.

Ang isa sa kanyang programa ay ang pagpapabilis sa pagbibigay ng serbisyo sa publiko.

Ano bang mga ahensiya ng gobyerno na sadyang napakahirap ng serbisyo?

Nariyan ang Land Transportation Office, Social Security System, PhilHealth, Bureau of Internal Revenue, at iba pang sangay ng gobyerno na kamuhi-muhi para sa napakarami.

Kulang halos ang isang araw para matapos ang inyong transaksiyon.

Ang masakit pa ay makakatagpo ka ng ilang government employee na baluktot ang ugali.

Maganda ang programang ito ng nasabing kandidato dahil hangad ng marami ang mabilis at maayos na serbisyo.

Kung natatandaan pa ninyo ay binanggit na ito ng ating Pangulo.

Ang tanong ay may nakita na ba kayong pagbabago sa sistema ng mga nabanggit na government agencies?

Punta ka ng LTO para sa renewal ng iyong driver's license o pagpaparehistro ng sasakyan ninyo.

Punta ka ng BIR para sa kung anong transaksiyon na iyong lalakarin at gagawin.

O kahit sa iba pang sangay ng boyerno, kayo na po ang makakasagot.

Kapag nagpunta ka sa mga opisinang ito ay unang step ay ang pagkuha ng number.

Kasunod siyempre ay hihintayin ang iyong numero na suwerte ka kung matatawag sa loob ng dalawa o tatlong oras.

Ang pinakamasaklap ay kapag nagloko o nagkaaberya ang system ng network o internet kaya maghapon ka na roon at kapag medyo 'inalat' ay babalik ka pa dahil hindi matatapos ang iyong transaksiyon.

Isa pa sa nagpapabagal ng proseso ay kapag natapat ka sa kawani na medyo mahilig sa tsismis.

Habang inaasistihan ka at nirerebisa ang iyong mga dokumento ay sinasabayan ng tsismis sa katabi o kalapit niyang kawani.

Kung hindi man tsismis ang bisyo ng matatapatang kawani ay ang cellphone naman ang kalaban.

Naku, may ilan pa rin kawani na kahit nasa oras ng duty o trabaho ay sinasabayan ng gamit ng cellphone.

Ang mga ganitong gawi ang kailangang mawala sa panahon ng pagbibigay ng serbisyo sa publiko.

Ulitin lang natin na maganda ang misyon ng kandidatong ito pero sana ay magkaroon ng katuparan kung siya ay papalaring magiging senador.



**CAVITE PROVINCIAL HEALTH OFFICE SPEARHEADS THE KUTIS KILATIS CAMPAIGN IN TAGAYTAY CITY JAIL:** Cavite Provincial Government thru the Provincial Health Office spearheaded the leprosy and skin diseases awareness campaign dubbed as "KUTIS KILATIS", A National Leprosy Control Program (NLCP) under the Department of Health on April 8, 2019 held in Tagaytay City Jail. A total of 164 inmates underwent skin screening and were given free medication. A lecture on skin protection specifically on leprosy detection and prevention was conducted by Ms. Haydelisa Maderazo, Provincial NLCP Coordinator. —**(PICAD)**

# EDITORYAL

## Maraming mapapagsamantala

**MAYROON bang kakulangan ang ating bansa sa supply ng asukal?**

**Katanungan ng maraming Juan dela Cruz dahil sa biglang paglobo sa presyo nito.**

**Ngayong kasalukuyang buwan ay pumalo sa hanggang P68 ang presyo ng asukal kada kilo.**

**Ang anunsuyo ng Department of Trade and Industry na dapat ay nasa P50 hanggang P55 lang ang presyo kada kilo ng asukal.**

**Ibig sabihin ay walang kakulangan sa supply ng asukal kaya hindi makatwiran na magtaas ng presyo nito.**

**Ang naturang ahensiya ay mayroon ng ipinadalang notice of violation laban sa kanilang mga nahuling nagbebenta ng mahal na asukal.**

**Sadyang maraming mapagsamantalang mangangalakal kaya dapat sa kanila ay gawaran ng karapat-dapat na parusa upang hindi pinamamarisan.**

ADVERTISING RATES

**COMMERCIAL** --------- P200/col.cm
**LEGAL/NOTICES** ----- P160/col.cm

HANEP
Basahin Mo Ito!

**ROMEO S. SANTOS**
*Publisher/Editor-in-Chief*

**JUNE BILLONES**
*Managing Editor*

**JOJO DEMETILLA**
*Advertising Manager*

**MARLON BAGUS**
*Associate Editor*

Ang 'HANEP Basahin mo Ito' ay inilalathala tuwing Lunes ng HANEP Publication na may tanggapan sa B10 L9 The Veraneo Brgy. San Sebastian, Kawit, Cavite
Contact Nos. 0977-7844136/ 0929-8127638
Email: **ronejed@yahoo.com/ HanepPublication@yahoo.com**

PAUNAWA: Sariling pananaw o opinyon ng mga kolumnista ang nilalaman ng kanilang mga artikulo kaya wala pong kinalaman at pananagutan dito ang pamunuan ng publication

***Member: Publishers Association of the Philippines, Inc.*** papi

# JOINT NUTRITION ACTION OFFICERS AND PROVINCIAL NUTRITION COMMITTEE-TECHNICAL WORKING GROUP MEETING

**Committed to address the malnutrition problems in the province, the Provincial Nutrition Committee under the Provincial Health Office remains persistent in formulating and delivering programs that cater to the nutritional needs of Caviteños as they facilitated the Joint Nutrition Action Officers ( NAOs) and Provincial Nutrition Committee-Technical Working Group (PNC-TWG) Meeting on April 4, 2019 at the Cavite Collaboration Center for Public Health in Trece Martires City.**

During the gathering, Provincial Nutrition Action Officer Angeles Peñalba explained the scope and overview of the Philippine Plan of Action for Nutrition 2017-2022 for the neophyte NAOs. She also asserted the call for action on the rampant measles cases in the province which reached more than 1,000 and 17 deaths. Ms. Peñalba also pointed out the urgency of collaborating with all the NAOs in the province as the data on stunting or short for age cases alarms the PHO and malnutrition continues despite the efforts of the provincial government to reach out the poorest members of the community.

On the other hand, background on the updated nutrition Monitoring and Evaluation of Local Level Implementation Protocol (MELLPI) for local government and nutrition workers was discussed by Nutrition Officer II Ms. Liberty Mojica-Guzman. The participants were given time to ask their query on the new MELLPI Pro guidelines and elaborated some issues concerning the present practices in their locality. The different phases of the MELLPI were clarified during the assembly.

Nutritionist - Dietitian II Ms. Dessa May Alibangbang introduced the key features of MELLPI Pro and its tools and showed presentations on the journey to nutrition awards. For 2019, the province/city/municipality will be ranked based on MELLPI Pro scores and top performing local government units with ratings not lower than 3 shall be given the Certificate of Quality Nutrition Program in lieu of the Green Banner. Other awards include the Consistent Regional Outstanding Winner in Nutrition (CROWN), CROWN Maintenance Award, and the Presidential Award for Nutrition.

In the afternoon, updates on BNS Project, PPAN accomplishment reports to be submitted to the Department of Interior and Local Government (DILG), and submission of BNS reports were conversed with the nutrition action officers and representatives of the city/ municipality in Cavite. — **(PICAD)**

# Cavite coastal town now debt-free

**NOVELETA, Cavite** — The local government here welcomed year 2019 on a high note as it became a debt-free LGU of Cavite for 2019.

Maria Lynda Colina, Noveleta Municipal Treasurer, said a total of PHP3,525,765.85 in loans, plus PHP128,038.42 in interest in total of PHP3,653,804.27 was incurred under the previous administration which Mayor Dino Reyes Chua's administration fully paid as of September 2017,

The Office of Municipal Accountant also certified that the Noveleta local government unit (LGU) has no outstanding loan to any lending or financial institution as of first quarter of the year 2019.

According to the transaction slip of the LGU, Noveleta has PHP4,810,552.91 Special Education Funds on bank and PHP24,666,330.67 General Funds and PHP13,256,566.05 on Trust fund or a total of PHP42,733,449.63 certified by Land Bank of the Philippines.

"We want a clean slate for 2019 and we are happy to announce that Noveleta is now a 'debt-free municipality" Chua said in an interview on Saturday.

Chua is recently awarded as Most Outstanding Mayor of Super Brand International.

Under his leadership, the locality was awarded as top performing LGU in health governance in Calabarzon. It is also one of the Top 5 Performing LGU in Anti-Drugs Programs.

The Department of Trade and Industry (DTI) recently named Noveleta as the top LGU with the most number of businesses in the province. ***(PNA)***

# Nanay patay, anak sugatan sa motorsiklo

**PATAY** ang isang 69-anyos na nanay habang sugatan ang anak nito nang masagasaaan habang tumatawid sa kalsada sa Dasmarinas City, Cavite.

Namatay habang ginagamot sa De La Salle UniversIty Hospital si Avelina Hembrador, balo; habang inoobserbahan pa ang anak nitong si Maribel Hembrador, 42, dalaga, kapwa residente ng 268 Sitio Pook, Brgy Paliparan 3, Dasmarinas City.

Hawak naman na ng pulisya ang driver ng motorsiklong Kymco na may plakang XT 6703 na si Abraham Concrenio, 58, ng Block 177 Lot 22 Phase 4 Brgy Paliparan 3.

Sa ulat ni PSSg Jesus Bae, ng Dasmarinas City Police Station, papatawid ang mag-ina sa kalsada sa harapan ng Saint Francis School of Assisi sa Brgy Paliparan 2, Dasmarinas City, dakong alas-9:30 ng gabi nang mabunggo sila ng motorsiklo na minamaneho ni Conrenio, na binabagtas ang kahabaan ng Molino galing sa Governors Drive sa nasabing lugar.

Kapwa isinugod ang mag-ina sa ospital subalit namatay si Avelina dakong alas-10:00 ng gabi. **GENE ADSUARA**

# Discovering Ilocos Sur's newest dive site via underwater photo contest

**VIGAN CITY (PIA)** — Divers will discover the wonders of the underwater world in the newest dive site in Ilocos Sur province through the first-ever underwater photo contest to be conducted by the provincial government on April 26-27 at the shore of Mindoro village here.

Ilocos Sur Governor Ryan Luis Singson said, "We want to market the beauty of our beaches and the possibility of making our province a scuba diving destination. This competition seeks to show the unique wonder of our beaches, especially their underwater sceneries."

With more than two weeks away from the event, 20 professional photographers have already registered in the competition.

Scuba diving in Ilocos Sur began with the establishment in 2017 of the Provincial Government of Ilocos Sur Dive Center located at the ground floor of Gregoria Rivera Memorial Library, right of the Provincial Capitol in this city.

This is an eco-tourism project of the provincial government under Governor Singson to further push tourism growth in the province, give alternative livelihood to coastal communities, and reduce fishing pressures on marine resources.

Guided dive trips are available to dive sites of Cabugao Terminal, Dimayuga Reef, R-Caves, Santa Maria Suso Reef, San Esteban Tuna Reef and Apatot Shipwreck.

However, the established dive spots in the province include three in Cabugao town – Terminal, Dimayuga Reef and R-Caves; one in San Juan; one in Narvacan; one in Santa Maria; three in San Esteban – Tuna Reef, Apatot Shipwreck and Ambucao Shipwreck; and one in Santiago.

A package worth Php1,000 includes a buoyancy control device (BCD), regulator, mask, weight belt, fins and booties.

But there is an individual rent per gear for BCD, regulator, mask, fins, booties, wet suit, weight belt, light, rash guard, snorkel, compass, balloon, dive computer, life vest, dive knife, tank, air fill and nitrox.

The center offers skin diving and snorkeling tour package that includes mask, snorkel, fins, booties, life vest, camera or photograph, rental Go Pro, and island hopping.

Other underwater services include under water videography survey and equipment or raw footage for a minimum of five hours.

It also serves walk-in divers without set of gears. **(AMB/ICR/PIA Ilocos Sur)**

# TESDA to train more Cordillera rebel returnees, IPs

**BAGUIO CITY** — The Technical Education and Skills Development Authority (TESDA) in the Cordillera Administrative Region (CAR) will provide an institution-based and community-based training for rebel returnees and members of the indigenous peoples (IPs).

"TESDA has launched the Rural Employment Generation for Social Equity (REGSE) projects which is in accordance with the Enhanced Comprehensive Local Integration Program (E-CLIP), the Executive Order No. 70 also known as the 'Task Force Balik-Loob'," TESDA-CAR officer-in-charge Manuel Wong said on Thursday.

The REGSE program is in line with President Rodrigo Duterte's advocacy in reintegrating former rebels (FR's) back to society, helping IPs and other special clients improve their living conditions.

Wong said they were able to provide technical-vocational training to 119 rebel returnees last year as part of the government's effort to give them a better life when they go back to mainstream society.

"I am assuring you that TESDA-CAR will be providing better services to all of our clients and make government more visible to beneficiaries," he said.

Currently, the regional and provincial offices of the TESDA are in coordination with the Philippine National Police, National Commission on Indigenous Peoples, and the Armed Forces of the Philippines for collaboration programs. ***(PNA)***




Nagpakuha ng larawan si Barangay Chairman (ikatlo mula sa kaliwa) Dhanie Casasola kasama si Congressman Manny Lopez na na muling tatakbong congressman sa Distrito 1, Tondo, Manila at kasama ang kanya mga supporter. **(Freddie M. Manalac)**

# NCRPO HANDA NA PARA SA SEMANA SANTA

**QUEZON CITY (PIA) — Nakahanda na ang puwersa ng National Capital Region Police Office (NCRPO) para sa darating na Semana Santa ngayong taon.**

Ayon kay NCRPO chief Police Major General Guillermo Eleazar, mahigit 11,000 mga pulis ang ipakakalat upang masiguro ang kaayusan at kapayapaan sa iba't ibang lugar sa Metro Manila.

Kabilang sa mga babantayan ng mga pulis ay mga bus terminals at iba pang transportation hubs, kung saan inaasahan ang pagdagsa ng mga pasahero pauwi sa kanilang mga probinsya.

Dinagdag pa ni Eleazar na naka-full alert ang NCRPO kung saan inaasahan ang maximize deployment ng puwersa ng Metro Manila police. **(PNP/NCRPO)**

# DILG lauds SC ruling on just IRA share of LGUs in nat'l taxes

**MANILA —** The Department of the Interior and Local Government (DILG) on Thursday welcomed the Supreme Court's (SC) final ruling, which declared that local government units (LGUs) are entitled to internal revenue allotment (IRA) based on the collections of all national taxes and not just from national internal revenue taxes.

"We are pleased with the decision of the SC since it gives life to the Constitutional mandate that LGUs must be given a just share in national revenues. By affirming its ruling that the source of IRA should come from all national taxes, the delivery of basic services will improve impacting directly on the lives of our countrymen," DILG Undersecretary and spokesperson Jonathan E. Malaya said in a statement.

Malaya said that while the DILG has yet to read the court's decision, "we are glad because implementing this decision will allow LGUs to improve its services particularly on anti-poverty and peace and order."

"We urge LGUs to utilize these additional funds well and we in the DILG commit ourselves to monitor closely the use of these funds to ensure that they contribute to national development goals and objectives," he noted.

The DILG spokesperson also said that the bigger IRA share of LGUs in the coming years will prove to be useful in bringing the services of the government down to the grassroots level and to the farthest sitios and barangays of the country.

"With bigger funds come more quality essential services for our people, most especially the poor," he said.

LGUs, however, will start receiving their bigger IRA starting with the 2022 budget cycle after the SC denied a motion to award to the LGUs all arrears resulting from the application of the expanded basis in computing the IRAs.

In an 8-3 vote on Wednesday, the SC affirmed its earlier decision in expanding the basis of the IRA of LGUs based on the petition of former Batangas Representative and now Governor Hermilando Mandanas.

The SC held that the IRA of LGUs under the Local Government Code (Republic Act 7160) is understood to be based on the collections of all national taxes, as expressly stated in Section 6 of the Constitution.

National taxes include customs tariffs and taxes collected by other state agencies such as the Bureau of Immigration.

Internal revenue taxes, meanwhile, refer to taxes imposed by the BIR, such as income taxes, estate and donor's taxes, value-added tax, excise taxes, and documentary stamp taxes. ***(PR)***

# Regional Women's Month celebration, idinaos sa Batangas

**LUNGSOD NG BATANGAS (PIA)-** Isinagawa ang joint regional at provincial women's month celebration kung saan nagsilbing "host" ang lalawigan ng Batangas sa Provincial Auditurium sa lungsod na ito noong Marso 28.

Iba't-ibang samahan ng kababaihan mula sa buong CALABARZON ang nakibahagi sa pagdiriwang na pinangunahan ng Provincial Social Welfare and Development Office, Philippine Commission on Women (PCW), Regional Gender and Development Council (RGADC) at Provincial Women Coordinating Council Batangas, Inc. (PWCCB).

Ayon kay Engr. Ladislao Andal, co-chairperson ng Regional Development Council (RDC), dapat lamang na maipagpatuloy ang ginagawang pagkilala sa mga kababaihan sa iba't-ibang larangan upang magbigay ito ng inspirasyon sa iba at makahikayat na maging bahagi ng paglago ng isang komunidad.

Sinabi naman ni Regional GAD chairperson Luis Banua na sa tala ng Department of Labor and Employment, nasa 41.2% ang mga kababaihang bumubuo sa labor force at 96.2% ang literacy rate.

"Maging sa mga bumubuo sa Regional Development Council malaking porsiyento nito ay mga kababaihan na bumubuo ng 40%. Kaugnay nito patuloy nating isinusulong ang gender equality at women empowerment, paglaban sa karahasan sa mga kababaihan at kabataan, pagbibigay pansin sa mga kaso ng HIV/AIDS, maternal deaths at maging teenage pregnancy. Gayundin ang pagsusulong ng local GAD offices upang maresolba ang mga gender issues," ani Banua.

Kabilang sa mga aktibidad ng pagdiriwang ang Zumba dance exercise, poster-making contest, libreng manicure, pedicure at masahe mula sa Technical Education Skills Development Authority (TESDA), coffee table book discussion kasama sina Engr. Aisa Mijeno isang scientist at propesor at si Gng. Finnaflor Taylan. Sa huli ay isinagawa ng mga mag-aaral mula sa Batangas Province High School for Culture and Arts ang isang pagtatanghal na may pamagat na "Ruselang Bubog" na nagbibigay pugay kay Marcela Agoncillo, isang natatanging babaeng Batangueno na tanyag dahilan sa pagtahi ng pambasang watawat ng Pilipinas.

Sa huli ay isinagawa ang turnover ceremony para sa susunod na pagdiriwang ng Regional Women's Month na pinangunahan nina RD Luis Banua at PSWDO Joy Montalbo na tinanggap naman ni Elizabeth Ruiz mula sa tanggapan ng DAR. Ang susunod na pagdiriwang sa taong 2020 ay gagawin sa lalawigan ng Rizal. **(BHABY P. DE CASTRO, PIA Batangas)**

# DOTr to finish Pasig River Ferry stations' rehab by 2020

**MANILA —** The Department of Transportation (DOTr) is eyeing to complete the development of the Pasig River Ferry stations by mid- 2020.

"I am very pleased that the Pasig River Ferry Terminal development project will now push through, thanks to the efforts of the PPA (Philippine Ports Authority) and the local government of Manila," Transport Secretary Arthur Tugade said during the launch of the development project in Santa Ana, Manila on Wednesday.

The project, a joint initiative between the DOTr and PPA, aims to rehabilitate the current stations, where passengers take a ferry to cross the river.

The DOTr and PPA intend to start the rehabilitation works soon and add four more stations in the future.

DOTr Undersecretary for Maritime Fernando Juan Perez said the rehabilitation of the stations will encourage the public to use the major waterway as a means to ease traffic congestion in Metro Manila.

"Every day, almost a thousand Filipinos, particularly those who are part of the working class of our country, primarily depend on the transportation offered by 'bangkas' here in Sta. Ana. We believe that this project is very important and timely, since the DOTr is currently making ways to efficiently use our inland waters as a means of transportation to ease up congestion on our roads," Perez said.

The DOTr and PPA are looking to establish an interprovincial transportation system from Metro Manila to Cavite, Rizal, Laguna, and Bataan utilizing the Pasig River.

Currently, "bangkas" transports commuters across the Pasig River from one station to another in less than a minute and 30 seconds for PHP4. ***(PNA)***

# 6-lane Quirino Bridge II now open to motorists

**MANILA —** The Quirino Bridge II or the Concordia Bridge along Quirino Highway in Paco, Manila is now fully operational after the structure's newly-reconstructed northbound direction was opened to motorists by the Department of Public Works and Highways (DPWH) on Thursday.

DPWH Secretary Mark Villar led the reopening of the bridge project worth PHP58 million.

"A six-lane Quirino Bridge II can now be used by motorists going in and out of southern part of Manila with the completion of three southbound lanes last October and now the three northbound lanes," Villar said.

The DPWH chief noted that the reconstruction of the northbound lanes was halted to make way for the Christmas rush, but was completed by DM Consunji, Inc. within a month from February until March 2019.

Quirino Bridge II, underneath the Metro Manila Skyway Stage 3 Project in Manila, was temporarily closed last year and reconstruction of its southbound lane was done from June to October 2018.

The bridge is a 24-linear meter single-span road that forms part of Circumferential Road II connecting the cities of Manila, Pasay, and Makati to the rest of central and eastern side of Metro Manila including the cities of Quezon, Mandaluyong, Pasig, San Juan and Marikina, and the province of Rizal. ***(PNA)***




# Cruz, Brade at Capilitan top 3 sa Girls under 8

**Nangunguna ang batang si Daniella Bianca S. Cruz tubong Malolos, Bulacan para top 3 winner pumangalawa si Jean Antonette Brade , ng Quezon City habang pumangatlo naman si Zhaoyu Capilitan ng Cagayan kapwa Girls under 8 ilan lamang sa kategorya ng ginanap na 2019 Gov. Amor Deloso National Age Group Chess Championships (Grandfinals) sa Zambales Sports Complex sa Iba, Zambales**

Nagtala na puntos na 8 ½ si Daniella na mula sa pag-aaral sa The Clarion School of Malolos ay kampeon sa kanyang kategorya kung saan tinalo sa huling round 9 ang katunggaling sumigunda na si Brade na nakaipon naman ng 8 points.

Kasunod sa pangatlong puwesto ang batang si Zhaoyu Capilitan mag-aaral ng Father William F. Masterson SJ Elementary School sa kanyang tala na 7 points. Hindi matatawaran ang magkahalong saya at kagalakan ng kani-kanilang mga magulang. Dahil sa natamong tagumpay ng kanilang mga anak.

Dahil sa natamong tagumpay ng mga kabataang nabanggit magiging daan ito ng kanilang muling pag subok para sa kanilang kagalingan kung saan ay magiging kakatawanin sila ng bansa para sa magaganap na 20th ASEAN Age Group Chess Championship na iinog sa Hunyo 9 hanggang 19 sa Mandalay City, Myanmar.

Sino man sa kanila ang mag tagumpay sa nasabing kumpetisyon ay makakamit nila ang Filipino woodpushers na makasikwat ng Fide Master (FM) at International Master (IM) titles at posibleng Grandmaster (GM) norms.

Nanguna naman sa pag kakaloob ng medalya at Tropeo sa mga kabataang nag sipagwagi sila Tournament Director GM Jayson Gonzales, First Asia Grandmaster Eugene Torre at ang representative ng Zambales Governors office. **(Marlon Bernardino)**



**PROUD FATHER –** HANEP talaga ang batang si Daniella Bianca S. Cruz tagumpay sa mga katunggali nito sa kanyang kategoryang 8 under girls division sa katatapos na 2019 Gov. Amor Deloso National Age Group Chess Championships (Grandfinals) sa Balin Sambali Hotel. Zambales Sports Complex sa Iba, Zambales kasama nito sa larawan ang ama at ina na sina Mr and Mrs Reden Cruz, maging sina Tournament Director GM Jayson Gonzales at First Asia GM Eugene Torre, at Amor Deloso Governor representative Kevin Nacabuan. **(RGN)**

# Recaido, Evangelista, Mapugay nagparamdam agad ng lakas sa MAPPA Predator-Wilde Blu 8-Ball Cup tilt

**NAGPARAMDAM** agad ng lakas sina engineer Vergel Recaido, Jaime Evangelista at world renowned blogger Leslie " Anito Kid" Mapugay matapos magtala ng magkahiwalay na panalo sa opening round ng Makati Pool Players Association (MAPPA) Predator-Wilde Blu 8-Ball Cup sa AMF-Puyat Superbowl and Billiards Center, Makati Cinema Square sa Makati City.

Si Recaido, presidente ng Copper Electronics Expertise, Inc., ay nakaungo kontra kay Jiro Alvero, 4-3, habang si Evangelista, isang office engineer ay binokya si June Tornisto, 4-0, habang si Mapugay ay namayani naman kay call center employee Trexie Alix, 3-2.

"The first round is one of the toughest rounds in any tournament. It usually sets the tone of how you're going to perform," sabi ni Recaido na tinalo si Tristan Aguas, 7-4, sa finals ng 2017 J&P 10-Ball Cup Championships.

Mismong sina World Champions Francisco "Django" Bustamante at Rubilen Amit, MAPPA (Makati Pool Players Association) president Arvin Arceo, DMC Entertainment and Production management boss Jesse Gonzales Cambosa Sr. at mga national team members na sina Irish Ranola at Flordeliza Andal ang nanguna sa opening rites sa P100,000 total pot prize 8-ball tournament na suportado ni longtime billiards patron sportsman/businessman Aristeo "Putch" Puyat na chairman din ng Billiards Sports Confederation of the Philippines (BSCP). Nakasama din nila sa opening rites ang iba pang opisyales ng MAPPA na kinabibilangan nina Gerald Novales (Vice President), Cheward Bonode (Treasurer), James Torres (secretary), Jerome Intac (auditor) at Patrick Clavel (tournament director).Ang iba pang notable winners ay sina Sam Francie, Jimmy Domingo at Ezzie Gan. **(Marlon Bernardino)**



**TNT VS SMB –** Wala kang lusot brod. Mistulang pahiwatig ni San Miguel Beer center Jun Mar Fajardo sa binabantayan nitong si Harvey Carey ng TNT ng magharap sila sa 2019 PBA Philippine Cup sa Araneta Coliseum. **(RGN)**




**PHIL NATIONAL TEAM BILLIARD -** INILAHAD ni National team Billiard Rubilen Amit ang magiging tsansa sa billiard para sa nalalapit na 30th SEA Games sa bansa kasama nito sina Eric Baylon, Floriza Andal at ang TOPS President Ed Andaya. sa lingguhang TOPS Usapang Sports sa NPC Intramuros Manila. **(RGN)**

# DOH CONDUCTS HEALTH FAIR FOR MEMBERS OF HYPERTENSION AND DIABETES CLUBS IN CALABARZON

**DOH-CALABARZON (Cavite, Laguna, Batangas, Rizal, Quezon) on Friday, concluded the first 'Non-Communicable Disease (NCD) Health Fair" for officers and members of hypertension and diabetes clubs of the region to provide them recent updates on the prevention and control of lifestyles diseases including the importance of practicing healthy lifestyle held at Ciudad Christia 9 Waves Resort in San Mateo, Rizal from April 4-5, 2019.**

Regional Director Eduardo C. Janairo stated that the health department established the Hypertension and Diabetes Clubs in 2016 to combat non-communicable diseases (NCDs). Napakaimportante na ma-sustain natin ang serbisyo ng mga organisasyong ganito upang mapangalagaang mabuti ang mga maysakit dahil sila ang mangunguna sa komunidad at magsisilbing tagapamahagi ng tamang impormasyon kasama na dito and pamimigay ng mga libreng maintenance medicines at medical check-up sa kanilang mga pasyente."

"These clubs will also serve as support groups in the communities and will ensure that appropriate treatment and management will be provided to all patients. Sila ang magbabantay sa kalusugan ng mga miyembro at sisiguruhin na lahat ay mabibigyan ng serbisyong pangkalusugan," he emphasized.

The DOH Non-Communicable Disease Prevention and Control Ccnter reported a total of 600,000 patients are registered nationwide in the HPN and DM Clubs as of February 2016..

To become a registered member, a patient must consult the nearest health center or primary health care facility in the community for proper assessment, screening and management using the Philippine Package of Essential NCD Intervention (PhilPEN) protocol. Once he/she is diagnosed to have hypertension and/or diabetes, he/she will be enrolled to the club.

A registered member is entitled to free maintenance drugs for hypertension (Losartan/Amlodipine/Metoprolol) and diabetes (Metformin).

According to Dr. Marilou R. Espiritu, Medical Office III and head of the Non-Communicable Disease Cluster, the advocacy activity was conducted with the objective of providing officers of health clubs particularly the hypertension and diabetes clubs of the region, essential updates on the prevention and control of lifestyles diseases including the importance of practicing healthy lifestyle. "To fight and eliminate NCDs, it is important to practice healthy lifestyle choices early in our life."

"All of the municipalities in Rizal and Batangas have established their HPN and DM Club and more than 90% are already set-up in the three provinces.," she added.

The health fair was attended by 175 officers of Hypertension and Diabetes Clubs of CALABARZON who have undergone medical screenings such as glucose testing, weight/height and body mass index (BMI) determination, urinalysis, nutrition counselling and dietary plan and medical consultation including provision of maintenance medicines.

Participants were given lectures on hypertension, diabetes, coping with aging, oral health care, eye care and 20 ambermatic shades where provided to selected 20 senior citizens with eye problems during the event.

The activity is in line with the regional office's health roadmap: "Towards CALABARZON Prime," with the objective of providing a more efficient, effective and sustainable health care delivery in the community.

"Ang health fair na ito para sa kanila ay panimula pa lamang at gagawin din natin sa ibang probinsiya ng CALABARZON. Isasaayos natin ang pagpapalano nito pagdating ng ating national budget upang mabigyan natin ng tama at sapat na serbisyo at benepisyo ang bawat miyembro," Janairo assured. **BN**



**DOH-CALABARZON** Regional Director Eduardo C. Janairo shares healthy lifestyle practices to an audience during one of his speaking engagements on non-communicable diseases. **BOY NAMORA**

## DPWH sisimulan ang SLEX Extension project sa Quezon

TIAONG, Quezon (PIA)- Pinangunahan kamakailan nina Department of Public Works and Highways (DPWH) Sec. Mark Villar at Quezon Governor David Suarez kasama ang iba pang opisyal ng lalawigan ng Quezon ang programa para sa pagsisimula ng proyektong South Luzon Expressway Toll Road-4 o SLEX Extension project sa Barangay Lalig sa bayang ito.

Sa pahayag ni Sec. Villar, naging malaking tulong umano ang pagsisikap ni Gob. Suarez para sa tuluyang pagsasabuhay ng proyekto.

"Noong nagsimula kami sa pag a-acquire ng right of way dito napakalaking bagay ng tulong ni Governor dahil siya po ang nag-organize sa lahat ng mga stakeholders. Bahagi siya ng task force and I can say that napakalaking bagay ng tulong niya. Masasabi ko rin kung hindi dahil sa kanyang tulong hindi po magiging mabilis ang pag a-acquire ng right of way. Kaya itong proyekto, definitely it went from a dream to inevitability," mensahe ng kalihim.

Pangunahing magpapatupad ng TR4-project ang San Miguel Corporation (SMC).

Ayon kay SMC President at chief of operations na si Ramon Ang, ang 66.7 km na expressway ay magsisilibing daan para sa pagkakaroon ng magandang opurtunidad sa lalawigan ng Quezon.

"Itong expressway na ito ay magdadala ng magandang peace and order sa Quezon at kapag natapos ay magiging main area ng agro industrial site ng Pilipinas," sabi pa ni Ang.

Matatandaan na noong taong 2016 nang mahalal si Pangulong Rodrigo Roa Duterte, isa sa unang pinagtuunang-pansin ng kanyang administrasyon ay ang mga proyektong pang-imprastraktura kaugnay ng kanyang Build, Build, Build Program sa bansa.

Dahil dito, muling pinag-aralan ni DPWH Sec. Mark Villar ang pagpapatuloy ng TR4 Project na magbibigay ng mas mabilisang transportasyon mula bayan ng Sto. Tomas, Batangas hanggang Lalawigan ng Quezon.

Nabinbin ang naturang proyekto taong 2015 kaya't minarapat ni Quezon Governor David C. Suarez na makipag-ugnayan kay Sec. Villar upang maisakatuparan ang matagal nang pinapangarap na proyekto.

Sa inisyatibo ni Gob. Suarez at mga alkalde na sina Candelaria Mayor Macario Boonggaling, Tayabas City Mayor Ernida Reynoso, Sariaya Mayor Marcelo Gayeta at Tiaong Mayor Ramon Preza, agaran nilang pinulong ang 590 lot owners ng madaraanan ng proyekto, assesorsat treasurer para sa acquisition ng road right of way na isa sa mga naging suliranin sa pagpapatupad ng proyekto noong mga nakaraang taon. (Ruel Orinday-PIA-Quezon, may ulat mula sa Quezon PIO)


## BUHAY-KARERA



MARLON BAGUS
0999-7060160
email: champ22mb@gmail.com

### 4 YEAR OLD & ABOVE STAKES RACE

Lalargahan ang 2019 PHILRACOM "4 Year Old & Above Open Stakes Race" sa pista ng Metro Manila Turf Club Inc. (MMTCI) sa Malvar, Batangas. Walong mananakbo ang maglalaban- laban kabilang ang dalawang imported na kabayo. Kabilang sa mga kalahok ang couple entry na kinabibilangan ng Cerveza Rosas at Son Also Rises na entry ni Benjur Abalos Jr., Lemon Drop Title at Smokin Saturday na entry ni R.G Inigo, Gomper Girl at Summer Romance na entry ni Atty. Narciso Morales. Makakalaban ang kalahok na Salt And Pepper, na entry ni Hermie Esguerra at Lakan mula kay M.V. Tirona. Sa mga kalahok makikita ng bayang karerista ang mga kabayong Lakan, Salt And Pepper, Son Also Rises, Cerveza Rosas, Lemon Drop at Smokin Saturday ang magbabakbakan sa unahan. May nakalaang papremyo na P500,000 sa unang apat na makakatawid sa finish line. Mapupunta ang P300,000 sa 1st place, habang P112,500 ang mauuwi ng 2nd place, P62,500 sa 3rd place, P25,000 naman sa 4th place. At tatanggap ng P15,000 bilang Breeder of the winning local horse. Good luck!!! Binabati ko ang mga suking karerista ng Samahan OTB sa may Laon Laan St. Quezon, City lalo na ang aking mabuting kaibigan na si Alyas Patok na mahilig magbigay ng tip sa nasabing OTB.



PAGBATI…

SA mga tauhan ng PCP-1 Paranaque City Police Sa pamunuan ni P/CI Ohmar Ramos Bognot PCP-1 Commander na bagong na promoted personel na for well deserve promotion na sina P02 Leenard C. Maninang, P02 Mary Rose D. Felipe, PO2 Jeffry P. Rabina, PO2 Noel C Ledde, PO2 Glen U. Azucena, PO3 Energen M. Calmada, PO2 Ronel V. Bernabe, PO2 Terrence G. Gupa, PO2 Baltazar A. Dulfo, PO3 Rey E. Samson, PO2 Paul Jhon G. Pino, PO2 Delfin B. Budong Jr., PO2 Manuel B. Taylo Jr., PO2 Reynante C.Dela Cruz, PO2 Eddie E. Arambulo, PO2 Romnel T. Leniasan, PO2 Pamittan, Marlon M., PO2 John Ronald P. Nicolas, PO2 Christian V. Corpuz, PO2 Nelmar Delos Santos, PO2 Gibson Sumat, PO2 Joseph Ace Romeroso, PO2 Pagarigan, Golden H., PO2 Christian O. Lampitoc, PO2 Anthony C. Buban, PO2 Samsodin C. Bangon, PO2 Allan F. Baltazar, PO2 Samuel May S. De Leon, PO2 Alan Baroa, PO2 Eric John C. Allas, PO2 Calixto Candido E.Venida,PO2 Romeo Dimaculangan, PO2 Freddie M. Azul, PO2 Brigido Agnawa Jr., sa lahat na promoted Personel ng PCP-1 Congratulations! (JIMMY HAO)





Ang dalawang sasakyan ni Barangay Chairman Dhanie Casasola Sr. na masugid na supporter ni Mayor Joseph "Erap" Estrada ng District 1 Tondo, Manila. Ginagamit ang mga sasakyan na meron larawan at slogan ni Mayor Erap Estrada tuwing umiikot sa area ng Tondo. (Freddie M. Manalac)



## HANEP SHOWBIZ

# ELLEN ADARNA, MASAYA SA KANYANG PANANAHIMIK



**HINDI naman kailangang ipagsigawan pa sa publiko ang tunay na kasiyahan na nadarama.**

For sure, itong si Ellen Adarna ay masaya sa kanyang pananahimik bilang simple at normal na pamumuhay.

Bakit hindi sasaya? Of course kasi ay kasama ang kanyang love one na si John Lloyd Cruz.

Hep, hindi lang dahil kapiling ni Ellen ang aktor bagkus ay pati ang sinasabing supling nila ni JL.

Ang showbiz partner ay muling namataan in public na magkasama.

Kasama nina JL at Ellen ang umano'y anak na si Elias Modesto.

Sila ay nakita sa loob ng Queen City Memorial Gardens sa Cebu City.

Sa nasabing sementeryo umano nakahimlay ang ama ni Ellen na si Alan Modesto.

May 31 last year namatay ang ama ni Ellen dahil sa cardiac arrest.

Bago sa sementeryo ay huling nakitang magkakasama sila sa pamamagitan ng mga larawan sa Tokyo, Japan noong Enero mula sa kanilang bakasyon.

Lagpas na rin sa half year mula ng mag-indefinite leave si John Lloyd sa showbiz.

@@@

**WELCOME BACK KAYE**

Naaalala pa ba ninyo si Kaye Abad?

Nagbabalik siya ngayon sa mundo ng showbiz.

Napag-usapan lang natin si John Lloyd, siya ang unang love at nobyo ni Kaye.

Wala lang ah, nabanggit lang natin. Walang intriga, gusto lang nating batiin ang pagbabalik sa showbiz ni Kaye.

May Ellen na si JL noh at si Kaye naman ay mayroon ng Paul Jake Castillo.

Ang asawa ni Kaye ay ex-housemate sa *Pinoy Big Brother: Double Up (*2009) na nasa larangan din ng showbiz.

Sina Ellen at Paul Jake naman ay magkaibigan rin.

So, 'yun lang noh. Welcome back Kaye.

@@@

**CONGRATS YASMIEN**

Pahabol na pagbati kay Yasmien Kurdi sa kanyang pagtatapos kamakailan.

Hanep ah, magna cum laude ang TV actress.

Ang graduation ay ginanap sa Philippine International Convention Center, Pasay City.

Nagtapos si Yasmien ng kursong AB Political Science sa Arellano University, Manila.

Ang payo ng aktres sa mga working students, tuloy lang ang pagtamo ng inyong pangarap.

Congrats Yasmien.

# Pahiram ng Oras

ni Ate Josie

**(ika- 112 labas)**

"San ka pupunta mayor?"

Papasakay na ng taksi si Kardo pero naudlot dahil may tumatawag sa kanya.

"Nagsisimula na ang bilangan ah, 'san ka pupunta mayor? Nakakalamang ka 'dun sa kalaban mo."

Isa sa mga kaibigan at supporter ni Kardo ang tumawag at kumausap sa kanya.

"Ganon ba, eh naku at mabuti naman at nakakalamang pala tayo."

"May pupuntahan lang ako saglit, importante eh kaya kailangang puntahan."

Pagkasabi ay binuksan na ni Kardo ang pinto ng taksing kanyang pinapara.

"Eh ganon naman pala eh, kaya ang mabuti n'yan eh ngayon pa lang ay mag-celebrate na tayo."

Doon din kay Lyka napadpad si Kardo at naikuwento ang tungkol sa nakausap niya bago sumakay ng taksi.

"Sige at maupo ka na lang muna, maghahanda ako ng makakain at maiinom natin."

Sanay na si Kardo na mismong si Lyka ang nag-aasikaso sa kanya at hindi ang kasambahay.

"Umalis pala ang anak mo at kasama si Manang, mamamasyal lang daw sila."

Mag-uusisa sana si Kardo subalit tila nasagot na ni Lyka ang kanyang itatanong.

Pagkalatag kasi ng food at maiinom ay kumandong sa kanya si Lyka.

Ibig sabihin niyon ay dadalawa lamang sila na nasa loob ng bahay.

Itatanong kasi dapat ni Kardo kay Lyka kung nasaan ang kanilang anak.

Masarap ang inihanda ni Lyka kaya medyo marami-rami ang nakain ni Kardo.

Napapasarap din si Kardo sa pag-inom habang nagkukuwentuhan sila ni Lyka.

Katagalan ay mistulang hindi namamalayan ni Kardo na nakakandong na sa kanya si Lyka.

Panay ang kanilang tawanan palibhasa ay masaya ang paksa ng usapan nila.

"Ano bang klaseng tanong 'yan, ikaw talaga siyempre naman noh mahal kita."

Ang masayang eksena ay unti-unting napapalitan ng medyo seryosong tagpo.

Nagtatanong si Lyka na bahagya na ring tinatamaan ng espiritu ng alak.

Ganoon din naman si Kardo na medyo nagsisimula na ring maging malagihay.

Kaya naman ang medyo seryosong usapan ay napapalitan ng romantikong tagpo.

(Itutuloy)



# IISA... IKAW AT AKO

Sa panulat ni Kuya Arman

**(Ika-4 labas)**

Nang makaakyat ang dalawa ay si Cecile ang nagbukas ng pinto ng guest room.

Sinabihan ni Cecile si Bernie na pumasok na ng kuwarto para makapagpahinga.

Lulang-lula si Bernie nang makapasok at pagmasdan ang kabuuan ng silid.

Maganda ang kama pati ang mga unan at kumot, kumpleto rin sa gamit ang loob ng kuwarto.

Mistulang hotel na mayroong sariling banyo, aircon, drawer, mini ref at lamesang maliit.

Inosenteng-inosente si Bernie kaya tinuruan siya ni Cecile kung paano gagamitin ang aircon pati ang shower sa banyo.

Halatang-halata naman ni Cecile na sadyang laki o tubong probinsiya si Bernie.

Pagkatapos maturuan si Bernie ay lumabas na ng guest room si Cecile.

Para namang bata si Bernie na nagpapatalbug-talbog sa malambot na kutson ng kama.

Nang magsawa ay naalala ni Bernie ang bilin ni Cecile na kailangang maligo muna siya bago gamitin ang kama o bago mahiga at matulog.

"Nananaginip ba ako? Totoo ba ito? Kung panaginip lang ito eh 'wag muna ako magising."

Habang nasa loob ng banyo at gamit na ang shower sa paliligo ay hindi pa rin makapaniwala si Bernie.

Sa kalagitnaan ng labis na pagkakamangha ay biglang sumakit ang tiyan ni Bernie.

Palibhasa ay marami ang nakain kaya medyo nagloko ang kanyang tiyan.

Maging sa toilet bowl ay manghang-mangha si Bernie nang ito ay kanyang gamitin.

Tabo lamang ang alam gamitin ni Bernie kaya binuksan niya ang gripo at itinapat ang timba.

Ilang sandali at nakaraos din si Bernie sa pananakit ng kanyang tiyan at balik siya uli sa paliligo,

"Aray...aray..."

(Sundan)



# KAPON SA MGA ALAGA, BAWAS KASO NG RABIES

**NANAWAGAN ang Deparment of Health (DOH)-CALABARZON (Cavite Laguna Batangas Rizal Quezon) sa mga pet owners na ipakapon ang kanilang mga alagang hayop partikular ang aso at pusa upang mabawasan ang kaso ng rabies sa bansa.**

Ayon kay DOH-CALABARZON Regional Director Eduardo C. Janairo, sa pamagitan ng pagkakapon sa alagang aso't pusa ay mababawasan ang kanilang pagdami at maiiwasan din ang nakakagat kaya mababawasan din ang kaso ng rabies.

Paliwanang ni Janairo na dumarami ang bilang ng mga alagang aso't pusa na pagala-gala dahil hindi sila naalagaan kaya nakikita nila na ang pagkakapon sa mga ito ay isang stratehiya upang maiwasan ang hindi planadong pagdami ng mga ito at mababawasan ang kaso ng rabies.

"Bukod sa isinasagawang injection kontra rabies, ang pagkakapon ang nakikita nating isang paraan upang mabawasan ang mataas na polulasyon ng pagala-galang aso at pusa at mababawasan din ang kaso ng rabies sa bansa" ayon kay Janairo.

Sa datos, 30 katao ang namatay sanhi ng rabies sa taong 2018 sa Region 4A o CALABARZON.

Ayon naman kay Jomell Mojica, Nurse V at Program Coordinator, dahil sa kaso ng rabbies sa CALABARZON kung bakit kinakailangan nilang magsanay ng veterinary para matuto sa mabilis at makabagong paraan ng pagkakapon ng mga aso't pusa na siya namang magtuturo sa kanilang nasasakupan.

Nagsagawa naman ng pagkakapon ng mahigit 165 na mga aso at pusa sa Cavite kung saan 52 dito ay sa Tanza, Trece Martires City, 55, Cavite City, 58 at Gen Trias City, 50, na sinasabing maraming mga pagalagalang aso at pusa at mataas ang kaso ng rabies.

Ayon pa kay Mojica, marami ang kaso ng rabies tuwing summer kung saan mainit ang panahon at nagiging iritable ang mga hayop at bakasyon din ng mga mag-aaral kaya maraming mga batang nasa lansangan na posibleng makagat. **GENE ADSUARA**



Veterinarians from the Provincial and City Offices of Cavite and Human Society Society International lends their selfless service during the spaying and neutering of domestic dogs and cats in Cavite from April 2-5, 2019. **BN**

# Cavite City among PH's hottest cities

**CAVITE CITY, Cavite —** Sangley Point in this province is among the hottest points in the country with the most dangerous heat indexes this summer, scoring a heat index of 42.7° Celsius observed at 2 p.m., the state weather bureau reported on Tuesday.

Sangley Point, located in the northern portion of the Cavite City peninsula, is surrounded by the Manila Bay.

Heat index is defined as a measure indicating the level of discomfort the average person is thought to experience as a result of the combined effects of the temperature and humidity in the air.

In the said April 9 report from Philippine Atmospheric, Geophysical and Astronomical Services Administration (PAGASA), the maximum heat index of 51.7° Celsius was observed over Dagupan City at 2 p.m. Tuesday.

Other cities on the "dangerous heat index levels" list includes Cuyo, Palawa (46.2°C), Tuguegarao City, Cagayan — 43.5°C, Daet, Camarines Norte — 43.1°C, Calapan, Oriental Mindoro — 43.1°C, Aparri, Cagayan — 43°C, Catbalogan, Western Samar - 42.6°C, Baler, Aurora — 42.3°C, Cotabato City — 42.3°C, Dipolog City, Zamboanga Del Norte — 41.4°C, Virac, Catanduanes —41.2°C, Masbate City, Masbate — 41.1°C.

Department of Health Regional Director Eduardo C. Janairo told the PNA on Wednesday that "short or prolonged period of exposure to high temperature may lead, or cause heat-related conditions such as asthma, heat stroke, heat exhaustion, heat cramps, heat syncope (fainting), and heat rash."

He advised the public to stay indoors or in cooler places especially from 10 a.m. to 3 p.m., to drink plenty of water and use light colored clothes as preventive measures to heat-related health problems.

Janairo likewise warned the public about other summer related diseases such as measles, rabies, diarrhea, hepatitis, cholera, typhoid fever and influenza-like diseases, which are common during summer months. ***(Gladys Pino-PNA)***

# Bulacan town declares CPP-NPA 'persona non grata'

**PANDI, Bulacan —** The local government here has declared the Communist Party of the Philippines-New People's Army-National Democratic Front of the Philippines (CPP-NPA-NDFP) as "persona non grata".

Major General Lenard T. Agustin, commander of the Army's 7th Infantry (Kaugnay) Division, on Monday hailed the local officials of Pandi and the 48th Infantry Battalion (48IB) for playing a part in the town's declaration.

"The municipality of Pandi, as it continues to be productive and developed, did right to condemn the illegal and unlawful activities of the CPP-NPA Terrorists (CNTs) as it threatens the economic, social and political stability of the municipality and its people. With this resolution declaring CNTs as persona non grata, CNTs will not be welcomed in this municipality," he said in a statement.

The approved resolution was proposed during the Municipal Peace and Order Council (MPOC) meeting held last March 15, which was presided by Pandi Mayor Celestino Marquez.

The resolution was formed in line with Memorandum Circular No. 2018-211 of the Department of the Interior and Local Government (DILG), which prohibited support to the Left Wing Rebel Group, and Executive Order No. 70, which institutionalizes the whole-of-nation approach in attaining inclusive and sustainable peace, creation of a national task force to end local communist armed conflict, and the adoption of a national peace framework.

Lt. Col. Felix Emeterio M. Valdez, acting commanding officer of the 48IB, said the declaration of persona non grata is timely, especially in the municipality of Pandi where issues in granting housing units under the National Housing Authority (NHA) is used by left-leaning organizations by allegedly giving promises of decent shelter if the residents join them through illegal and unauthorized protests and rallies.

"This resolution manifests condemnation of Pandi in the unlawful activities by the CNTs," Valdez said.

The municipality of Pandi is the second LGU in Bulacan to declare the CPP-NPA as persona non grata. The first was Doña Remedios Trinidad last March 19.

The CPP-NPA is listed as a terrorist organization by the United States, European Union, United Kingdom, Australia, Canada, New Zealand, and the Philippines. ***(PNA)***

# Albayalde, pinuri ang PRO 3 sa pagpapatupad ng gun ban

**LUNGSOD NG SAN FERNANDO,** Pampanga (PIA) — Pinuri ni Philippine National Police o PNP Chief Police General Oscar Albayalde ang Police Regional Office 3 o PRO 3 sa pagtatala ng mataas na bilang ng mga nakumpiskang baril at armas mula ng ipatupad ang election gun ban.

Aniya, natutuwa siya dahil positibo ang reaksyon hindi lamang ng Gitnang Luzon kundi ng iba pang rehiyon sa nasabing direktiba.

May 600 baril at armas na ang nakukumpiska ng PRO 3 buhat na simulan ang election gun ban nitong Enero 13.

Sa numerong ito, 148 ang pistols; 277 ang revolvers; 25 ang rifles; 16 ang shotguns; 85 ang iba pang uri ng firearms gaya ng sumpak, improvised gun, homemade at paltik; at 23 ang mga replica.

Nueva Ecija ang may pinakamaraming nakumpiska na umabot sa 207. Ito ay sinundan ng Bulacan na may 111; Pampanga-95; Tarlac-58; Bataan-38; Zambales-32; lungsod ng Angeles-23; lungsod ng Olongapo-7; at Aurora-3.

Samantala, sinabi ni Albayalde na bahagi ito ng paghahanda para sa darating na eleksyon na bawasan ang risk factors kabilang ang paglaganap ng armas, at kampanya laban sa mga pribadong armadong grupo at gun for hire.

Hinimok din niya ang mga taong nagtatago pa ng kanilang mga armas na isuko na ito sa kapulisan habang nakabinbin ang kanilang aplikasyon para sa lisensya o pag-renew ng kanilang mga armas.

Ayon kay Albayalde, seryoso ang pamahalaan sa kampanya nito laban sa loose firearms. May Oplan Katok aniya para sa mga taong paso na ang lisensya ng mga armas.

Dagdag niya, isang paraan para masiguro ang payapang halalan ay sa pamamagitan ng pagkumpiska sa mga armas mula sa mga pinaghihinalaang pribadong armadong grupo, gun for hire at mga masasamang elemento.

Bukod sa mga ito, nakakumpiska din ang PRO 3 ng mga bladed weapons, granada, eksplosibo at bala. **(CLJD/MJLS-PIA 3)**

CLASSIFIED ADS

JOJO DEMETILLA
*Advertising Manager*
*0929-2415793*

**Upholstery**
**0947-3254064**
**Look for Rommel**

**B3W Motor Shop**
**(Maayos na serbisyo sa mababang presyo)**
**Ligtong 3, Rosario, Cavite**

**Tata Ver's Family KTV(TVFK)**
**Home of exotic pulutan**
**Located at 1337 Juan Luna St. corner Perla st.,Tondo Manila**

**MANS ALTERATION-TAILORING**
**Located at Town Plaza**
**Noveleta,Cavite**

**SOUTH STAR PRINT CENTER**
**Alima, City of Bacoor, Cavite**
**Accepts: offset, letterpress, riso, pvc ID, all kinds of office forms.**
**We also buy and sell all kinds of printing machineries**
**Contact: (046) 434-6167**
**Cell: 0916-5397268/ 0918-6174067**

# CROSSWORD

| | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | ■ | 6 | 7 | 8 | 9 | 10 |
| 11 | | | | | ■ | 12 | | | | |
| 13 | | | | | ■ | 14 | | | | |
| 15 | | | ■ | 16 | 17 | | ■ | 18 | | |
| 19 | | | 20 | ■ | | ■ | 21 | | | |
| ■ | ■ | ■ | 22 | | | | | ■ | ■ | ■ |
| 23 | 24 | 25 | | ■ | | ■ | 26 | 27 | 28 | 29 |
| 30 | | | ■ | 31 | | 32 | ■ | 33 | | |
| 34 | | | 35 | | ■ | 36 | 37 | | | |
| 38 | | | | | ■ | 39 | | | | |
| 40 | | | | | ■ | 41 | | | | |

**PAHALANG**

1 Pera para sa mga binili
6 May baril at batuta
11 Asungot sa may ginagawa
12 Sira ng kamote
13 Lasap
14 Katutubo
15 Alyas
16 Barkilyos
18 Aliwalas
19 Maliit na ilog
21 Pikon
22 Istrado
23 Partner ng martilyo
26 Uri ng pansit
30 Dumi sa bigas
31 Panalig
33 Tit for ___
34 Color
36 Sapantaha
38 Iluto sa tubig
39 Kinukunan ng gata
40 Aninag mula sa malayo
41 Ilagay sa tasa

**PABABA**

1 Dapat sundin ng mamamayan
2 Kahawig ng puno ng saging
3 Ginagawa ng magkasintahan
4 Animo
5 Ramdam
6 Pintas
7 Bahagi ng katawan
8 Puwersa
9 Loob ng bayan
10 Ukol sa araw
17 Sirang pagkain
20 Labi ng sunog
21 Automated Teller Machine
23 Sarado ang mata
24 Sawata
25 Lutuan
27 Ipusta
28 Bawas
29 Lunday ng itak
31 Tanggi
32 Gagapas
35 Asawa ni Charlene
37 __ Kat

| | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | ■ | 6 | 7 | 8 | 9 | 10 |
| 11 | | | | | ■ | 12 | | | | |
| 13 | | | | | ■ | 14 | | | | |
| ■ | 15 | | | | 16 | | ■ | 17 | | |
| 18 | ■ | 19 | | | | ■ | ■ | 20 | | |
| 21 | 22 | ■ | 23 | | | 24 | 25 | ■ | 26 | |
| 27 | | 28 | ■ | ■ | 29 | | | 30 | ■ | |
| 31 | | | ■ | 32 | | | | | 33 | ■ |
| 34 | | | 35 | | ■ | 36 | | | | 37 |
| 38 | | | | | ■ | 39 | | | | |
| 40 | | | | | ■ | 41 | | | | |

**PAHALANG**

1 Uri ng telang tinda ng muslim
6 Mabilis na pagtakas
11 Ayusin ang tono ng gitara
12 Katulong sa hirap at ginhawa
13 Petrolyo sa kalan
14 Pilipit sa leeg
15 Sandaling nakaraan
17 Solo
19 Liyabe
20 Tunog ng sampal
21 __47
23 Tagpi
26 Negative na sagot
27 Card sa cellphone
29 Ugali
31 Minsan pa
32 Dating DILG Secretary na Rafael
34 Pananakit ng sikmura
36 Sikip
38 Boy o Joel
39 Larong kompyuter
40 Katunog ng Panay
41 Bitik

**PABABA**

1 Dala ng mga estudyante
2 Pagsayad ng paa sa lupa
3 Babaing ubod ng puti
4 Diniretso
5 Hindi kanan
6 Bugbog
7 Hayop na sungayan
8 Sama sa sulat
9 Kunin sa sweldo
10 Sumbrero sa bukid
16 Bansa sa Asia
18 Magka singkatawan
22 Tanyag
24 Panimplang matamis
25 Uri ng punong kahoy
28 Syudad sa Italy
30 baba
32 Halimuyak
33 Pangalan ng probinsyana
35 Ina ni Maria
37 Ayos ng buhok





**Sagot sa nakaraan:**

| | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| D | A | L | A | W | A | ■ | A | H | I | T |
| I | D | I | L | A | T | ■ | L | A | H | I |
| L | A | W | ■ | L | A | R | A | W | A | N |
| A | N | A | ■ | A | K | A | ■ | ■ | N | U |
| ■ | ■ | N | O | ■ | E | ■ | A | K | A | P |
| T | S | A | P | A | ■ | O | Y | A | Y | I |
| S | A | G | O | ■ | I | ■ | A | L | ■ | ■ |
| U | L | ■ | ■ | A | S | O | ■ | I | P | A |
| P | U | L | U | T | A | N | ■ | K | A | W |
| E | D | E | N | ■ | P | I | L | O | T | O |
| R | O | S | A | ■ | I | N | U | T | I | L |

| | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| ■ | B | A | G | A | ■ | B | A | O | N | ■ |
| M | ■ | B | A | L | D | A | D | O | ■ | A |
| A | M | ■ | P | I | A | N | O | ■ | I | T |
| S | A | P | I | A | N | ■ | N | I | L | O |
| K | A | L | ■ | S | ■ | B | I | T | A | Y |
| ■ | L | A | S | ■ | ■ | ■ | S | A | N | ■ |
| G | A | S | U | L | ■ | B | ■ | L | T | O |
| A | L | A | M | ■ | A | R | A | Y | A | T |
| Y | A | ■ | A | G | H | A | M | ■ | D | A |
| A | ■ | A | L | M | A | S | E | N | ■ | P |
| ■ | A | S | I | A | ■ | O | N | I | N | ■ |

# WORD SEARCH

CATANIA, FARMING, FERRY, ISLAND, ITALY, LEMONS, OLIVES, OMERTA, PALERMO, POTASH, SEAPORT, VOLCANIC

| | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| T | N | A | N | E | T | A | M | I | L | C | D | L | I | M |
| T | R | Y | F | O | F | I | S | S | T | C | L | A | S | S |
| E | E | S | E | I | C | I | I | S | D | G | F | O | N | E |
| G | T | M | S | V | R | A | L | N | N | I | T | V | F | A |
| O | A | F | E | O | G | E | T | I | R | O | S | O | L | P |
| M | R | D | C | S | M | N | M | A | L | R | E | L | I | O |
| E | F | C | O | O | S | R | I | I | N | A | A | C | O | R |
| R | O | E | N | M | A | I | V | H | H | I | Y | A | S | T |
| T | R | S | R | F | R | E | N | S | S | L | A | N | E | A |
| A | D | I | G | R | S | E | A | A | A | I | E | I | L | M |
| T | N | S | G | O | Y | T | L | T | S | T | F | C | I | I |
| S | A | R | R | I | O | I | I | A | N | I | S | L | T | L |
| R | L | I | F | P | F | B | I | F | P | O | K | R | R | Y |
| I | S | Y | D | I | A | L | E | C | T | S | R | R | E | I |
| F | I | R | S | A | N | T | E | T | N | U | O | M | F | U |

BUTTONS, CAP, FAIRY RING, FUNGI, GILLS, HYPHAE, PARASITES, POISONOUS, RHIZOMORPHS, SAPROPHYTES, SPORES, TOADSTOOLS

| | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| P | C | P | O | G | N | I | P | S | E | K | O | O | B | R |
| S | O | O | K | R | O | R | C | F | I | N | M | A | O | S |
| A | F | O | O | K | H | I | A | C | U | Y | N | P | M | L |
| P | O | A | J | S | R | I | E | K | C | N | I | N | Y | O |
| R | O | A | I | A | E | I | Z | O | L | A | G | S | C | O |
| O | K | O | G | R | K | T | R | O | T | U | P | I | E | T |
| P | R | A | S | O | Y | R | I | O | M | O | E | I | L | S |
| H | E | H | O | N | I | R | C | S | R | O | E | R | I | D |
| Y | V | G | S | Z | O | Y | I | E | A | A | R | O | U | A |
| T | I | I | A | L | M | T | S | N | H | R | O | P | M | O |
| E | E | L | D | U | B | N | T | P | G | W | A | T | H | T |
| S | W | L | E | L | B | T | Y | U | K | O | O | P | O | S |
| O | O | S | O | O | E | H | Y | O | T | B | K | O | O | B | P |
| B | J | S | E | T | A | L | P | K | O | O | B | B | A | B |
| R | P | O | I | S | O | N | O | U | S | R | P | C | D | O |

**Sagot sa nakaraan:**

| | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| R | X | E | E | S | I | M | O | R | P | B | K | T | I | F |
| W | L | H | H | L | E | N | B | I | S | S | U | E | S | L |
| H | E | C | A | R | O | S | P | U | S | E | P | U | S | M |
| C | A | E | L | D | S | A | O | E | D | L | O | O | U | P |
| E | D | M | A | S | R | O | T | T | A | G | P | G | E | N |
| E | H | A | P | T | T | A | Y | T | O | H | E | E | S | O |
| P | C | N | Y | O | D | G | F | N | B | H | L | T | O | I |
| S | A | M | Y | I | S | O | E | O | I | R | P | E | D | T |
| N | M | F | D | N | R | T | I | T | N | L | A | I | I | I |
| E | P | N | U | M | I | D | E | T | G | I | N | C | S | T |
| L | A | M | R | N | A | T | C | R | I | O | D | W | E | E |
| C | I | M | T | R | D | E | R | O | S | O | E | A | B | P |
| S | G | Q | P | A | N | S | H | N | N | N | A | A | D | I |
| U | N | E | G | O | L | C | H | L | O | R | N | N | E | N |
| N | O | I | T | N | E | V | N | O | C | D | Y | A | T | S |

| | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| D | E | M | O | G | R | A | P | H | I | C | W | A | R | M |
| Y | U | W | Y | R | R | S | N | E | G | A | A | A | C | E |
| P | U | E | A | R | T | T | T | R | R | R | A | P | O | N |
| H | K | W | T | O | R | E | P | A | L | D | I | W | N | D |
| Y | S | A | A | A | A | A | N | O | T | Y | A | D | T | W |
| S | R | E | H | D | Y | C | N | I | H | E | A | D | I | A |
| I | D | C | A | T | R | G | O | P | L | S | P | H | N | S |
| C | A | N | O | L | I | R | A | U | A | T | R | H | E | L |
| A | R | W | E | T | E | R | A | A | N | M | U | A | N | O |
| L | N | S | U | G | G | V | P | H | E | T | E | O | T | B |
| T | A | D | C | O | E | I | E | L | P | R | R | T | E | M |
| V | E | L | E | I | S | L | A | L | A | R | A | Y | S | Y |
| O | E | G | I | U | T | C | A | R | P | W | U | W | R | S |
| F | A | L | L | W | S | Y | L | A | T | I | T | U | D | E |
| D | T | E | E | R | T | S | O | B | E | W | W | C | V | P |

# SUDOKU

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 1 | | | 7 | 8 | | 9 | | |
| | | 2 | | | | 7 | 6 | |
| 4 | 9 | | 5 | | 6 | | | |
| | | | 3 | | | | 9 | |
| 7 | | | 2 | | 1 | | | 8 |
| | 1 | | | | 7 | | | |
| | | | 6 | | 5 | | 8 | 4 |
| | 7 | 6 | | | | 5 | | |
| | | 4 | | 1 | 2 | | | 3 |

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 4 | 6 | | | | 8 | | | 7 |
| 2 | | 5 | | | 7 | 3 | 8 | |
| | | | 5 | 9 | | | | |
| | | 1 | | | | | | 8 |
| | | 6 | | 3 | | 9 | | |
| 9 | | | | | | 4 | | |
| | | | | 1 | 2 | | | |
| | 2 | 3 | 9 | | | 7 | | 6 |
| 5 | | | 4 | | | | 1 | 2 |

**Sagot sa nakaraan:**

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 9 | 6 | 3 | 8 | 5 | 2 | 7 | 1 | 4 |
| 2 | 8 | 4 | 1 | 3 | 7 | 6 | 5 | 9 |
| 7 | 5 | 1 | 6 | 4 | 9 | 3 | 8 | 2 |
| 6 | 4 | 2 | 3 | 9 | 1 | 5 | 7 | 8 |
| 5 | 9 | 8 | 7 | 6 | 4 | 2 | 3 | 1 |
| 3 | 1 | 7 | 2 | 8 | 5 | 9 | 4 | 6 |
| 1 | 2 | 9 | 5 | 7 | 8 | 4 | 6 | 3 |
| 4 | 7 | 6 | 9 | 1 | 3 | 8 | 2 | 5 |
| 8 | 3 | 5 | 4 | 2 | 6 | 1 | 9 | 7 |

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 4 | 5 | 8 | 6 | 2 | 7 | 9 | 3 | 1 |
| 9 | 3 | 2 | 1 | 5 | 4 | 6 | 8 | 7 |
| 7 | 1 | 6 | 9 | 3 | 8 | 2 | 4 | 5 |
| 8 | 7 | 1 | 5 | 6 | 2 | 3 | 9 | 4 |
| 2 | 6 | 9 | 7 | 4 | 3 | 5 | 1 | 8 |
| 3 | 4 | 5 | 8 | 1 | 9 | 7 | 6 | 2 |
| 5 | 8 | 3 | 2 | 9 | 1 | 4 | 7 | 6 |
| 6 | 9 | 7 | 4 | 8 | 5 | 1 | 2 | 3 |
| 1 | 2 | 4 | 3 | 7 | 6 | 8 | 5 | 9 |

# REY VALERA, RODY VERA KINILALA NG KWF

**ORION, Bataan (PIA) — Ginawaran ng Komisyon sa Wikang Filipino o KWF ng Dangal ni Balagtas sina Rey Valera at Rody Vera.**

Ayon sa Tagapangulo ng KWF na si Virgilio Almario, ang Dangal ni Balagtas ay iginagawad sa mga nakapag-ambag sa pagpapayaman ng panitikan at sining ng Pilipinas at sa mga nakalikha ng mga akdang nag-iiwan ng bakas o humahawi ng landas sa larangan ng pagsusulat.

Si Valera ay kinilala para sa kontribusyon niya sa larangan ng musika. Siya ang sumulat ng mga kilalang kanta tulad ng Tayong Dalawa, Maging Sino Ka Man, at Kahit Maputi na ang Buhok Ko.

Hindi man personal na nakarating sa pagdiriwang, kinilala rin ng KWF ang manunulat, direktor at aktor na si Vera.

Sa pinadalang mensahe ni Vera, pinahayag niya na tinuturing niyang isang malaking hamon ang magawaran ng isang malaking gantimpala dahil hinahamon nito na ipagpatuloy niya ang kanyang ginagawang mga obra.

Kabilang sa mga tumanggap ng kahalintulad na parangal nitong mga nagdaang taon sina Lamberto E. Antonio (2013), Teodoro “Teo” T. Antonio (2014), Rogelio G. Mangahas (2015), Jose “Pete” F. Lacaba (2016), Lualhati Bautista (2017), Ruth Elynia Mabanglo (2017), at Ricardo “Ricky” Lee (2018). **(CLJD/MJSD-PIA 3)**




Ginawaran ng Komisyon sa Wikang Filipino ng Dangal ni Balagtas ang kompositor na si Rey Valera (kaliwa) sa isang seremonya kasabay ng pagdiriwang ng Araw ni Balagtas na idinaos sa bayan ng Orion sa Bataan. **(Mar Jay S. Delas Alas/PIA 3)**

# Self-employed SSS members now covered by EC program

**MANILA (PIA)**—Labor Secretary Silvestre Bello III, also the chair of the Employees Compensation Commission (ECC) recently announced that self-employed members of the Social Security System (SSS) are now covered by the benefits and services of the Employees’ Compensation Program (ECP).

“We recognize that most self-employed members of the SSS are also workers who need to be protected in time of work-connected sickness, injuries, or death. Since the creation of the ECC in 1975, the EC program has been limited only to workers in the formal economy, so it’s high time to expand the coverage of the program, for after all, they are part of our workforce,” Bello said.

According to ECC Executive Director Stella Banawis, under the program, a self-employed member of the SSS will receive loss of income benefits, medical benefits, carer’s allowance, and rehabilitation services, in the event of work-related sickness or injuries.

Rehabilitation services under the EC program involve the provision of remedial treatment, entrepreneurial or vocational assessment and training.

“These services are designed to meet the individual needs of each person with a work-related disability (PWRD) to restore him to suitable employment and develop his mental, vocational, or social potential,” Banawis said.

“If the worker died because of work-related sickness or injury, the beneficiaries will receive death pension and funeral benefits,” Banawis added.

A self-employed worker is one engaged in any trade or business or occupation, who has no employer other than oneself, and derives an income of at least P2,000 a month from his or her physical and mental efforts, and who is not over 60 years of age, during the time of initial coverage.

The following are considered as self-employed individuals who are entitled to avail of the benefits of the EC program; self-employed professionals who have their own business offices; partners, single proprietors of businesses, and directors or trustees of the board of corporations duly registered with appropriate government agencies; actors, directors, scriptwriters, and news correspondents who do not fall within the definition of the term ‘employee’ in Section 8(D) of the SS Law; professional athletes, coaches, trainers, jockeys, individual farmers, and fisher folks; Workers in the informal sector such as market and ambulant vendors, transport workers, and those similarly situated; contractual and job order personnel engaged by the government through a Contract of Service and who are not covered under the GSIS Law; and, any other self-employed as determined by the Social Security Commission is subject for compulsory coverage, if for initial membership.

As of March 2018, there are about 36.3 million workers registered under the SSS. About 12.4 percent of the registered members of the SSS or 4.5 million are self-employed workers. On the other hand, the 2018 PSA Labor Force Survey indicates that 11.07 million or 26.9 percent of the total working population of the country are self-employed without any paid employee.

To be covered by EC program, self-employed workers shall register for SSS membership at the nearest SSS branch. Their coverage under the program will start as soon as they pay their first EC contribution.

The amount of contribution that they will pay will depend on the corresponding monthly salary credit of the amount of earnings that they will declare at the time of registration. Self-employed members will pay P10 per month if they have a monthly salary credit (MSC) of P14,500 or below, and P30 per month if they have a MSC of P15,000 and above.

Self-employed members may avail of simultaneous benefits under the EC program and the SSS for the same contingency, provided that they are qualified to get the benefits under each program.

“With this development, the ECP will be able to serve more Filipino workers,” Banawis said. **(PIA InfoComm)**

# Comelec, tiniyak na magiging ‘reliable’ ang darating na eleksiyon

ODIONGAN, Romblon (PIA) — Tiniyak ng Commission on Elections (Comelec) na magiging reliable ang national and local elections sa Mayo 13.

Sa panayam ng lokal na mamamahayag kay Municipal Election Officer Reynaldo Fabella ay sinabi nito na mas reliable na ang mga election returns (ERs) sa automated system kumpara sa mano-manong bilangan.

Kapag na- compile na aniya ang mga ERs ay makikitang tama talaga ang resulta at walang makapagpapabago dito kahit pa bilangin ulit ang balota.

Kung mayroon man aniyang kaunting discrepancy ay hindi pa rin nito kayang palitan ang totoong resulta ng eleksiyon.

Wala rin aniyang pinapanigan ang Comelec at nais nito ang isang Honest, Orderly, Peaceful at credible elections.

Ani Fabella, ang mga gagamiting Vote Counting Machine (VCM) ay yung mga dati nang ginamit na makina pero may mga improvement na ginawa ang komisyon.

Samantala, muli ring nagpaalala ang Commission on Elections (Comelec) sa mga barangay officials na dapat wala itong kinikilingang kandidato o partido.

Ayon kay Fabella, ang mga barangay officials ay sakop sa mga bawal mangampanya para sa isang kandidato base sa Joint Memorandum Circular (JMC) na pinirmahan ng Comelec at ng Civil Service Commission (CSC) noong 2016.

“Yung barangay official, walang direktang batas na nagbabawal sa barangay official, however, merong JMC ang CSC at Comelec na nagbabawal sa lahat ng barangay official, appointed or elected na makihalo sa politika,” ayon kay Fabella.

Sinabi pa ni Fabella na kahit noong 2016 pa ang JMC na pinirmahan nina Civil Service Commission (CSC) Chairperson Alicia dela Rosa-Bala at dating Comelec Chairperson J. Andres D. Bautista, hindi pa naman ito nababago hanggang sa ngayon.Batay rin aniya sa Comelec-CSC Joint Circular No. 001 s. 2016, masasabi na partisan ang barangay officials kung sakaling sila ay gumawa ng isang bagay na makakapagpanalo o makakapagpatalo sa isang kandidato.

Sinabi rin rito na ang hindi lang kasama rito para maturing na partisan ay ang pagboto, pagpapahayag ng kanyang tingin sa isang problema o issue, o banggitin ang kandidatong kanyang sinusuportahan.

Maliban sa mga barangay officials, pinagbabawal rin ng CSC at Comelec ang mga empleyado ng gobyerno at ang mga military na maging partisan.(PJF/DMM/PIA-MIMA-ROPA/Romblon)

# PRRD’s ‘very good’ net satisfaction rating up by 6 points-SWS

**MANILA**—Despite relentless attacks by his detractors, President Rodrigo R. Duterte maintained a “very good” net satisfaction rating as it increased by six points, according to the latest results of a Social Weather Stations (SWS) survey.

The First Quarter 2019 survey, conducted on March 28-31, found that 79 percent of adult Filipinos are satisfied with Duterte’s performance while 8 percent were undecided and 13 percent are dissatisfied.

This gave the country’s first leader from Mindanao a net satisfaction rating of +66 (percent satisfied minus percent dissatisfied), classified as “very good”, according to SWS.

“This is up by 6 points from the very good +60 in December 2018 and ties his personal high set in June 2017,” the pollster said.

The SWS said Duterte’s net satisfaction rating increased in all areas, owing the 6-point rise to increases of 15 points from +73 in December 2018 to a “new record-high” +88 classified as excellent in Mindanao; 7 points from +62 to +69 in the Visayas; 4 points from +52 to +56 in Balance of Luzon; and 3 points from +58 to +61 in Metro Manila.

In rural areas, Duterte’s net rating posted a new record-high at +69, up by 12 points from +57 while in urban areas, it slightly improved from +62 to +64.

Duterte also got a new record-high net rating of +69, up by 14 percent, from ABC classes and also a new high +68 from class D respondents.

Among age groups, Duterte’s net satisfaction rating also improved, getting the highest rating of +70 classified as “excellent” from those 18 years to 24 years old and 35 years to 44 years old.

He also got an excellent rating among college graduates and non-elementary school graduates at +74 and +71, respectively while high school graduates gave the President a rating of +67 and elementary graduates gave him +60.

The SWS used face-to-face interviews of 1,440 respondents aged at least 18 years old nationwide. It has a sampling error of ±2.6 percent for national percentages and ±5 percent each for Balance Luzon (or Luzon outside Metro Manila), Metro Manila, Visayas, and Mindanao. **(PNA)**

# AMAIN, KINASUHAN NG ANAK-ANAKAN DAHIL SA PINGGAN

**DESIDIDO ang isang 18-anyos na lalaki na kasuhan ang kanyang step-father makaraang tutukan ito ng baril dahil lamang sa hindi nito paghuhugas ng pinggan sa sa Trece Matires, Cavite.**

Nakakulong sa Trece Martires City Custodial Center ang suspek na si Allan Roy Lacson, 40, walang trabaho ng Block 23 Lot 54 Phase 1 Regina Ville 2000, Brgy Inocencio, Trece Martires City dahil sa reklamo ng kanyang anak-anakan na si Jonh Miko Vinas, 18.

Sa reklamo ni Miko kay Police Corporal Eduardo Reyes, ng Trece Martires City, dakong alas-8:05 ng gabi nang tutukan umano siya ng kalibre 45 baril ng kanyang amain sa loob ng kanilang bahay dahil sa hindi nito paghuhugas ng pinggan.

Dahil sa takot, nagpasaklolo ito sa mga opisyal ng Brgy Inocencio na nagresponde sa lugar kasama ang Trece Martires police at inaresto ang suspek at nakuha sa kanyang pag-iingat ang isang kalibre 45 na baril.

Ayon kay Cpl Reyes, ang nasabing baril ay isinanla umano sa suspek kaya wala itong naipakitang nga dokumento.

Desidido rin ang biktima na ipakulong at kasuhan ang amain dahil sa ginawa rin pananakit sa nakababata pa nitong kapatid .

Kasong paglabag sa RA 10591 in relation to RA 7166 at Grave Threat ang kinakaharap ng suspek. **GENE ADSUARA**

# Magkuya, kulong sa droga

**MAGKASAMA** ngayon sa kulungan ang magkapatid matapos na naaresto sa buy bust operations sa Silang, Cavite.

Paglabag sa Sec 26 in Relation to Sec 5 ng RA 9165 ang isinampang kaso laban sa naarestong suspek na sina Emanuelto Mahinay, 25, at utol nitong si Vien Mahinay, 23, obrero, ng Sito Bilog Purok 2 Brgy Lucsuhin, Silang.

Sa ulat ni MSgt Robert Dimailig, ng Silang Municipal Police Station, dakong alas-9:00 ng gabi nang isinagawa ang buy bust operation ng Station Drug Enforcement Unit ((DEU) ng Silang MPS at PDEA sa Brgy Poblacion, Silang kung saan target ang mga suspek.

Nagkutsabahan at nakipagtransaksiyon ang magkapatid sa poseur buyer na nagresulta sa kanilang pagkakaaresto.

Nakuha sa kanilang pag-iingat ang 1 sachet ng shabu at P200 na buy bust money. **GENE ADSUARA**

# Kelot, tepok sa driver na lolo

**PATAY** ang isang 54-anyos na lalaki nang nabundol ng sasakyan na minamaneho ng isang lolo habang papatawid sa kalasada sa Silang, Cavite.

Idineklarang dead-on-arrival sa Tagayaty Medical Center ang biktimang si Martiniano Ortiz, may-asawa, ng Brgy Lalaan 1, Silang.

Hawak naman ng Silang Police ang driver ng isang Ford Ecosport na may plakang AWA 8545 na si Joseph Holdener, 75, may-asawa, pensioner, ng No. 2 Mojica St., Alfonso, Cavite.

Sa ulat ni Pat John Aldrine Patam, ng Silang Municpal Police Station, dakong alas-7:25 ng gabi nang naganap ang aksidente sa kahabaan ng E. Aguinaldo Highway sakop ng Brgy Lalaan 2, Silang, kung saan minamaneho ng suspek ang kanyang sasakyan habang binabagtas ang nasabing lugar patungo sa direksiyon ng Tagaytay City.

Ayon sa driver ng Ford, hindi umano nito napansin ang pagtawid ng biktima sa kaliwang bahagi ng kalsada dahilan upang mahagip nito.

Isinugod pa ang biktima sa ospital subalit idineklarang dead-on arrival. **GENE ADSUARA**

# Gwardiya, dinakma sa pagbabanta at pagwawala

**SADYANG** walang mabuting naidudulot ang sobrang kalasingan nang isang 27-anyos na security guard ang inaresto matapos na nagwala at binantaang papatayin ang ilang barangay officials sa Bacoor City, Cavite.

Direct Assault at Alarm and Scandal ang kinakaharap na kaso ni Sunny Boy Dulay, binate, ng 5th Street Easter Village., Brgy Salinas 1, Bacoor City, dahil sa reklamo nina Michael Miranda, 50; Michael Evaristo, 42, kapwa Barangay Councilor ng Brgy Salinas 1; Bryan Marquez, 27; at Ronaldo Averilla, kapwa Brgy tanod ng Brgy Salinas 1., Bacoor City.

Sa ulat ni P/Staff Sergeant Edison Fetalcurin, ng Bacor City Police Station, dakong alas- 6:30 ng gabi nang sumugod ang mga barangay tanod sa Easter Ville Brgy Salinas 1, dahil sa sumbong ng pagwawala ng suspek sa lugar dahil sa sobrang kalasingan.

Rumesponde rin ang mga barangay tanod at dalawang Brgy Councilor kung saan naabutan pa ang pagwawala ng suspek kaya tinangka nilang pahupain subalit lalong nagalit at binantaan ang mga barangay Councilor at inambaan ng saksak saka itinapon ang hawak niyang patalim bago tumakas subalit hindi naman siya nakatakbo ng malayo dahl sa kalasingan kaya ito ay naaresto.

Ang suspek ay kasalukuyang nakakulong sa Bacoor City Police Station. **GENE ADSUARA**

# Binata, arestado sa cp

**NABULAGA** ang isang 18-anyos na binata nang naaktuhang nagnanakaw ng cellphone sa loob ng isang apartment sa Imus City, Cavite.

Nakakulong sa Imus Custodial Center ang suspek na si Mark Makalintag, ng Imus City dahil sa reklamo ni biktimang si Danile Tumitit, 24, binata, factory worker, ng A-5 Citi Homes Brgy Anabu II-A, Imus City.

Sa ulat ni PSSgt Tristan Tamayo, ng Imus City Police Station, dakong alas-3:00 ng madaling araw nang naaresto ang suspek habang papatakas ito matapos na pumasok sa bahay ni Tumitit.

Nauna rito, nagising ang biktima nang naramdaman nito na tila may kalabog sa loob ng kanyang bahay .

Tumayo ito mula sa mahimbing na pagkakatulog at binuksan ang ilaw sa sala kung saan naaktuahn niyang tangay ng suspek ang kanyang celphone at mabilis na tumakas.

Hinabol ng biktima ang suspek at dahil sa ingay ay nagresponde ang mga barangay official na nagresulta sa pagkakaaresto nito.

Ayon kay Tamayo, walang forcible entry at pinaniniwalaang nakalimutan na i-lock ang pintuan kaya malayang nakapasok ang suspek. **GENE ADSUARA**

# Tanod, swak sa 'bato'

**SWAK** sa kulungan ang isang 51-anyos na barangay tanod nang naaresto sa buy busy operation makaraang nakipag-transaksiyon sa isang poseur buyer sa Rosario, Cavite.

Kasong paglabag sa Sec 5 Article II ng RA 9165 ang isinampa laban kay Rodiver Giron, ng 717 Tramo Road Bgry Tejeros Convention, Rosario.

Sa ulat ni PSSg Ellezer Tagalog, ng Rosario Municpal Police Station, dakong alas-3:00 ng hapon nang nagsagawa ng buy bust operations ang Rosario MPS at PDEA kung saan target ang suspek sa Brgy Tejeros Convention.

Nakipagtransaksiyon ang suspek sa isang poseur buyer kung saan aktong iniaabot nito ang sachet ng shabu ay inaresto ito.

Matapos kapkapan, nakuha rin sa kanyang pag-iingat ang tinatayang .09 gramo ng shabu at buy bust money.

Nakaulong sa Rosario Custodial Center ang MPS ang naarestong suspek. **GENE ADSUARA**

# HANEP

*Basahin Mo Ito!*

## KALIBRE

ROMY SANTOS

0977-7844136



# 3 Kandidatong mayor ng Maynila; Maliksi o Remulla sa Cavite?; at Kap Emie Lontoc sa konseho ng Noveleta

**SAKIT** na talagang maituturing sa tao ang pagiging mapanira ng kapwa.

Lalo ngayong panahon ng eleksiyon o kampanyahan, nangingibabaw ang ganitong sakit.

Halimbawa natin sa Maynila sa mga maglalabang alkalde sa katauhan ng tatlong top contender.

Sina incumbent Mayor Erap Estrada, dating alkalde na si Fred Lim at ex-Vice Mayor Isko Moreno.

Batid natin na may kanya-kanyang supporter ang tatlong ito.

Tingnan ninyo sa social media, kabi-kabila ang pagbabanatan o paninira ng bawat isa sa kanila.

Kanya-kanyang post sa facebook na galing ang paninira sa mga supporter ng tatlong kandidatong ito.

Hindi naman maiaalis kung kayo man ay mayroong sinusuportahang kandidato.

Mas mainam lang marahil na iwasan at itigil na ang paninira sa bawat isa.

Magandang iangat na lamang ninyo kung sino man ang inyong kandidatong tinutulungan o sinusuportahan sa halip na manira pa ng iba.

Walang iniwan o ipinagkaiba ito sa mga nagbubuo ng isang grupo o samahan.

Sa halip na sisiraan ninyo ang kabilang grupo upang makapanghikayat kayo ng kasama o miyembro ay mas mainam na ilahad ninyo ang mga adhikain ng samahang itatatag.

Kung manghihikayat naman kayo ng botante para iboto ang inyong kandidato ay huwag sisiraan ang mga kalaban.

Kayo po, makakaya ba ninyo ito?

Kagaya na rin dito sa Cavite, kung ikaw ay para kay Ayong Maliksi bilang gobernador ay huwag sisiraan ang katunggaling si Johnvic Remulla.

Vice versa lamang po, kung ikaw naman ay maka-Remulla ay hindi dapat sisirain si Maliksi.

First time ko na boboto sa Cavite, Maliksi o Remulla ba?

Pag-iisipan ko munang mabuti pero never akong makikinig at madadala kung mayroon man maninira laban sa dalawang kandidatong gobernador.

Pero sa pagiging konsehal sa Noveleta, tiyak na tiyak na at numero sa listahan ko si Emelito Salinas Lontoc.

Sa mga taga-Noveleta, try po ninyo si Lontoc.

Malinaw po, wala akong sinisiraang ibang kandidato na konsehal sa Noveleta bagkus ay iminumungkahi ko lamang si Lontoc.

Abangan po ninyo sa pahayagang ito ang mga impormasyon kay Lontoc para sa inyong karagdagang kaalaman sa kanya.

Free po iyon, bihira lamang akong magbigay ng suporta sa kandidato.

Kap Emie Lontoc, kailangan po sa konseho ng Noveleta.